# HUMANITY NEWS

TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY

Vol. V No. 23 May 10-16,2021 P 10.00 ISSN No.: 2672-3034




**Cong. Jonjon Ferrer**

*Gen. Trias, 6th Dist. of Cavite*

# 2K "SANA ALL AYUDA" PARA SA LAHAT, IPINANUKALA NG MGA MAMBABATAS SA P405-B BAYANIHAN 3

Ilang mga mambabatas ang nagmungkahi na bigyan ang 108 milyong mga Pilipino ng tig-P2,000 bawat isa, anuman ang antas sa lipunan o edad, sa ilalim ng P405.6-bilyong Bayanihan 3 bill.

Ayon sa mga tagataguyod ng panukalang batas, ang "sana all" ayuda ay ipamimigay sa pamamagitan ng 2 tranche, kung saan lahat ng Pilipino ay makakatanggap ng ayuda bilang 'form of universal basic income'.

"The total amount is P405.6 billion, which includes P216 billion for the ayuda for all Filipinos. There are different kinds of ayuda. The most basic kind is the "Sana All" ayuda which is 1,000 per head. We'll be doing this in 2 tranches," said Marikina Rep. Stella Luz Quimbo, isa sa mga tagapagtaguyod ng panukalang batas.

Sinabi naman ni Albay Rep. Joey Salceda na ang pagbibigay ng universal basic income ang solusyon sa naging pamamahagi sa noong mga nakaraang buwan.

"Kasi wala nga national ID so mas mabilis kung gamitin mo lang yun number of people per barangay as basis for budgeting and mas maiiwasan natin yung

**(cont. P.3)**






## BAGONG 2D-ECHO FACILITY NG OSPITAL NG IMUS, BUKAS NA PARA SA PUBLIKO




Pinangunahan ni Mayor Emmanuel Maliksi ang pagbubukas ng bagong 2D Echo facility sa Ospital ng Imus.

"Sa pamamagitan nito, madadagdagan natin ang kapasidad ng ating Pamahalaang Lungsod na maghatid ng serbisyong medikal," aniya.

Patuloy ang pagsisikap ng Pamahalaang Lungsod at ng Ospital ng Imus para mapaunlad ang serbisyong pangkalusugan para sa mga mamamayan.

## Halaga ng pandemya

Sa alinmang sitwasyon o pangyayri, kung ang hahanapin mo ay ang masama, makakakita't makakakita ka; pero kung ang hahagilapin mo ay ang mabuti, makakasumpong at makakasumpong ka.

Isa 'yan sa mga turo ng nanay ko na hindi ko makalimutan. Ang sabi niya, kailangang maging positibo lagi, na kapag positibo ka sa anumang sirkumstansya, panalo ka na; pero kung negatibo ka, kahit na maayos pa ang lahat, isa kang talunan.

Sa ganitong pananaw ko pilit na pinagmamasdan ang malaking krisis na dulot sa sanlibutan ng kasalukuyang pandemya.



Mahirap man, kailangang tingnan natin kung may buting dulot, may leksyong naituturo sa atin, ang COVID-19 na halos isa't kalahating taon nang nagpapahirap sa atin. Ano nga ba ang halaga ng pandemya? Makalipas ng mga dalawampung taon, kapag may anak o apo tayong nagtanong kung ano ang nangyari noong panahon ng pandemya, ano ang mga positibong bagay na puwede nating maikuwento?

Una, ang pandemya ay nakapagturo sa atin tungkol sa kahalagahan ng buhay; na ang buhay ay dapat pangalagaan dahil puwedeng mawala o magwakas anumang oras. Karugtong nito, natututunan din nating pahalagahan ang ating mga relasyon – sa ating pamilya, mga kaanak, mga kaibigan, at iba pang mahal sa buhay. Nakapanlulumo kapag 'yung pinsan mong kausap mo lang noong isang linggo ay mabalita-

**(cont. P.3)**


**ADVERTISE WITH US! Contact Number: 09460039850 E-mail Address: humanitynews@yahoo.com**

# INDIVIDUALS FROM PRIORITY GROUP A4 RECEIVES FIRST DOSE OF COVID VACCINE IN CALABARZON



***(DOH) - CALABARZON Assistant Regional Director Paula Paz M. Sydiongco administered the the first shot of Sinovac jab to an employee of the Public Employment Service Office of Laguna during the "Symbolic Vaccination Roll-out to Selected Priority A4" held at Calamba Doctors Hospital, Calamba City, Laguna on May 1, 2021.***

As part of Labor Day celebration, workers in CALABARZON (Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, Quezon) yesterday were given their first shot of Covid-19 vaccine to provide them additional protection as they continue to do business and work for our people.

The "Symbolic Vaccination Roll-out to Selected Priority A4" was led by Department of Health (DOH) - CALABARZON Assistant Regional Director Paula Paz M. Sydiongco at the Calamba Doctors Hospital, Calamba City, Laguna on May 1, 2021.

"The A4 group comprises the economic sectors and they are also the most exposed because they directly interact with the public. We need to provide them the protection they need for their safety and also that of their clients," Sydiongco emphasized.

Among those who received their first dose of Sinovac jabs were from the transportation, manufacturing, food at janitorial service sector.

On April 15, 2021, the Inter-Agency Task Force (IATF) for the Management of Emerging Infectious Diseases has approved the vaccination of Priority Group A4 which includes commuter transport (land, air, and sea), including logistics; public and private wet and dry market vendors; frontline workers in groceries, supermarkets, delivery services; workers in manufacturing for food, beverage, medical and pharmaceutical products; frontline workers in food retail, including food service delivery; frontline workers in private and government financial services; and frontline workers in hotels and accommodation establishments.

(cont. P.5)

**Humanity news publication is an English/Filipino Weekly Published every Monday Province of Cavite**

HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZERY

Main Office:
667 Bayan Luma 5 Imus City, Cavite
Contact Number:
09497849109/09075029643
E-mail Address:
humanitynews@yahoo.com

**AURELIO P. BAUTISTA**
PUBLISHER/EDITOR-IN-CHIEF

**LEXTER LUMAS BAGAPORO**
BUSINESS MANAGER

**DR. SONNY ANARNA**
MANAGING EDITOR

**VER C. BAUTISTA**
EXECUTIVE OFFICER

**MARICAR D. LUMAS**
LAY-OUT ARTIST

**GRETHSEL B. LUMAS**
ACCOUNT EXECUTIVE

All Rights Reserved: No part of this publication may be copied or reproduced or transmitted nor translated in any form for commercial purpose without prior written permission from the publisher and its writers/ columnist.


Note: All news articles by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management and Editor of this Publication.

papi

MEMBER:
PUBLISHERS ASSOCIATION OF THE PHILS, INC.

Subscription Rates: 1 year 52 Issues = Php 520.00
Legal Notices: 1 col. Per cm. rates = Php 160.00
Advertisement Rate: Per column = Php 200.00

# Ang Kaluluwa



**MAKATANG KABITENYO**
**DLSU-DASMARIÑAS AWARDEE**
**MAKATANG KABITENYO 1999**
**F&A.M LINCOLN LODGE # 34**
**DOCTOR OF HUMANITIES (HONORIS CAUSA)**
**DR. AURELIO PAREDES BAUTISTA**

1. Kahit katutubong sabi
nati'y mangmang
Ay may badya pa rin sa
paksang naturan,
Sabi ang kaluluwa'y aalis na lamang,
Pag tao'y namatay, katawan iiwan.

2. Para bang mayroong kurtina sa
silid,
Kurtina'y humati sa dalawang panig,
Kurtina ang hadlang sa tagong
daigdig,
Hahawiin nitong kaluluwang tatawid.

3. Kaluluwang mabuti't kaluluwang
masama,
Puwede raw magbigay biyaya't
pinsala,
Kaya aalayan ng bunga ng lupa,
Upang masiyahan saka pumayapa.

4. Ito namang tao na sibilisado,
Pagpasok sa langit ang sinisiguro,
Sa bawa't dalangin paghiling ay todo,
Pumunta sa langit at di sa impyerno.

5. Hindi ko ninais ganya'y tuligsain,
Meron akong ibang konseptong
inangkin,
Naisip kong bago ang lahat lalangin,
Nag-iisa lamang ang Lumikha natin.

6. At dahil iisa ay walang kasama,
Sinong dadakila't sa kanya
sasamba?
Di dahil kailangan Niya ang ganyang
porma,
Subali't kasama'y mayroong
esensiya.

7. Wala din siyang danas dahil nag-
iisa,
Kung meron mang danas hindi ko
makita,
Maliban isiping nag-iisa pala,
Ay isang danas ding laan lang sa
Kanya.

8. Upang makadanas ng lahat ng
bagay,
Naisip ko na Siya'y lumikha ng
buhay,
At ang danas nila ay Kanya ring
tunay,
Ang danas ng lahat sa Kanya
umugnay.

9. At dahil lumikha ako ng konsepto,
Natigmak na rin lang, naligo na ako,
Daloy ng konsepto ay itutuloy ko,
At itutuloy ko sa isip moderno.

10. Ako ay naritong pakay ay
matuto,
At maranasan ko ang buhay sa
mundo,
Ang lalakaran ko ay ang Kanyang
plano,
At bawat danas ko ay danas Niyang
piho.

11. Binuklat ko'y lambong ng
Kanyang liwanag,
Isa-isa ito sa aking pagbuklat,
Dagdag ang liwanag sa landas kong
tahak,
Hanggang isang lambong ang huling
tatambad.

12. Pagsapit ng oras na wala nang
lakas,
At ang katawan ko ay walang nang
lunas ,
Ako na kaluluwa ay dagling lilipat,
Doon sa kurtinang tanda nitong
wakas.

13. At pagkalipat ko ang panghuling
lambong,
Doon sa liwanag ito nakatabon,
Meron pa ring dilim sa landas kong
turol,
Nguni't lambong itong tatanggal ay
Poon.

14. Ang ating Lumikha ay may
sadyang basbas,
Na siyang magtatanggal ng lambong
sa sinag,
Tanging Lumikha lang may bigay
patawad,
Sa lahat ng sala sa aking paglabag.

15. At pag tinanggal Niya yaong
huling lambong,
Makikita ko Siyang aking Panginoon,
Liwanag na ganyan ang biyaya doon,
Wala sa daigdig ang sinag na gayon.

16. Ang makakita lang ng ganyang
liwanang,
Ang masasabi mo na talagang ligtas,
Kaya ang wika ko ngayong ihahayag ,
kayong kaanak ko'y mag-ingat sa
bigkas.

17. Huwag ninyong gayahin ang
nagpapahayag,
Na sila'y sagip na at sabi ay ligtas,
Isipin palaging may Hukom sa landas
At tanging Siya lamang may bigay
patawad.

18. Huwag pangunahan ang hatol ng
Hukom,
Baka mainsulto sa gagawing gayon.
Naisip mo na bang ang sariling hatol
Ay walang halaga at talo ka doon?

19. Tayo ay kaluluwa sa tamang
esensiya
Di tayo katawang may sukat at porma,
Tayo'y espiritung kawangis talaga,
Ng ating Lumikhang bigay ay pag-asa.

20. Kaluluwa'y maliit Lumikha'y
malaki.
Kalakhang ang sukat di abot ng muni,
Kaluluwa'y mahina sa bawa't sumaksi,
Lumikha'y may lakas na di ko masabi.

21. Kaya kung may balak na
anumang gawin
Sikaping pagtawag sa Kanya'y
unahin.
Di dapat umasa sa katawang galing.
Ito'y magkukulang sa inyong landasin.

22. Kaluluwa'y may kawing saka
talastasan,
Sa pinanggalingan na ating Lumalang,
Ito'y isaisip at pakatandaan,
Tumawag palagi nang tayo'y
gabayan.

23. Nguni't huwag isiping dahil sa
humiling,
Tayo'y pagbibigyan sa ating landasin,
Mayroon Siyang plano na dapat
tuparin,
Sa ikabubuti ng lahat sa atin.

24. Talakayin natin ang pag-aalaga,
Sa maraming bagay na litaw sa lupa,
Paghahanap-buhay, negosyo't biyaya,
Na bigay ng mundong dapat
kumalinga.

HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY



# LIBRENG LECHON MANOK, HANDOG NG NOVELETA LGU SA BAWAT PAMILYA!







Nitong Linggo ay namahagi ng lechon manok ang pamahalaang lokal ng Noveleta sa bawat kabahayan sa kanilang bayan.

Ang naturang pamamahagi na pinangunahan ni Mayor Dino Reyes Chua ay isinagawa bilang pagdiriwang ng kapistahan sa kanilang bayan.

Ayon sa alkalde, ang pagsasalo-salo ang isa sa mga nakagawian na gawin tuwing fiesta ng bayan kaya't minabuti ng kanilang LGU na magbahagi ng manok sa bawat pamilya upang sa gayon ay magkaroon pa rin sila ng kainan sa kani-kanilang tahanan.

"Libreng Lechon Manok sa bawat bahay ang handog natin upang ipagdiwang ng ligtas ang ating Fiesta ngayon 2021! Abangan ang House to House Delivery sa inyong Barangay," saad ng alkalde.

"Ang tunay na diwa ng Kapistahan ay ang 'Salo-Salo' ng buong pamilyang nagkakaisa! Walang Magugutom sa Noveleta," pagpapatuloy pa niya.

## 2k "SANA ALL AYUDA"... (from p. 1)

adverse developments, adverse events during the SAP," ani Salceda.

Pahayag pa ni Quimbo, maramin sa mga pumila para sa SAP ay hindi nakakuha ng anumang tulong dahil wala sa listahan ang kanilang mga pangalan.

Idinagdag pa niya na habang ang lahat ay makakakuha ng parehong halaga, ang mga mahihirap na pamilya ay makakakuha ng mas maraming ayuda dahil ang average na bilang ng mga miyembro sa mahihirap na pamilya ay 6, habang ang middle at upper class kung minsan ay mayroong 3 miyembro lamang.

"So dun na lang alone, makikita natin na the poorest families will certainly get more than the riches families," ani Quimbo.

Dagdag pa niya, maaari rin naman umanong tanggihan ang tulong pinansyal ng ibang mayroon kakayanan.

## Halaga ng pandemya... (from p. 1)

an mong binawin na ng buhay. O 'yung kaibigang nakaalitan mo ay sumakabilang buhay nang hindi mo man lang nahingan ng tawad sa mga pagkukulang mo.

Isa pang leksyon na naituturo sa atin ng pandemya ay ang pagpapahalaga sa ating kalusugan – partikular ang pagpapalakas at pagpapatibay sa ating immune system. Ikinagugulat natin na 'yung inaakala nating mukha nating malakas at malusog ay mabubuwal nung dinapuan ng mabalasik na COVID-19. At bigla tayong natutong uminom ng mga food supplements na nakakapagpalakas ng katawan; bigla tayong naniwala sa laging bilin ng mga nakatatanda na kumain lagi ng gulay at prutas at mga masusustansyang pagkain; bigla nating pinagsisisihan ang mga abusong ginawa natin sa ating katawan na nagpahina sa ating kakayahan na labanan ang mga mikrobyo, virus at bacteria na nagkalat sa ating kapaligiran.

Ang pinakagusto kong naituturo sa atin ng pandemya ay ang pagkakaisa at pagtutulungan. Habang tumatagal ang pananalasa ng COVID-19, natututo ang marami sa atin na mas mainam na makipagtulungan sa mga kinauukulan kaysa aksayahin ang lakas at panahon sa wala namang kahihinatnang pagbatikos at pagreklamo. Nakatutuwa na parami nang parami ang natututong tumulong, sumaklolo at maghandog ng personal na ayuda sa kapuwa kaysa magdabog at mangalampag tungkol sa kanilang mga pagdurusa.

Ang pinakaimportanteng naituturo sa atin ng pandemya ay ang halaga ng ating pananampalataya, ng ating pakikipag-ugnayan sa Diyos. Marami sa mga nakalimot nang magdasal ang biglang natututong magrosaryo kasama ang pamilya. 'Yung mga wala nang alam gawin sa harap ng malupit na hagupit ng pandemya ay nakasusumpong ng pag-asa at lakas ng kalooban sa pamamagitan ng pagbabalik-loob sa Panginoon.

At totoo naman. Habang nakikita natin ang bilang ng mga namamatay na pataas nang pataas araw-araw, habang pinagmamasdan natin sa balita tuwing umaga ang mga bagong mukha ng pighati at paghihirap na binabata ng marami sa ating mga kababayan, habang nababalitaan nating parami nang parami sa ating mga kakilala at pati mahal sa buhay ang napapabilang sa pahaba nang pahabang listahan ng biktima ng pandemya, hindi maiwasang mapaluhod na lang tayo, mapayuko, mapadaop ang mga palad kasabay ng pag-usal ng dasal: "Panginoon, kaawaan Mo kami."

Hindi natin alam kung hanggang kailan pa ang pananatili ng pandemya. Pero habang ito ay naririto pa, nawa'y piliin nating hanapin kung ano ang halaga nito sa ating buhay, ano ang mga leksyong puwede nating matutunan sa ating mapait na karanasang ito; at mula rito'y mas malakas, mas matibay nating haharapin ang iba pang magiging hamon sa atin ng bukas.(NewsKo)

# Church offers use of school to augment shortage in isolation facilities

TRECE MARTIRES CITY, Cavite -- In the wake of the full use of the isolation facilities in Tanza town, the Catholic Church leaders here offered the St. Augustine High School as additional temporary treament and monitoring facility for senior citizens and those who have comorbidities.

This initiative of the parish leaders is a welcome measure to help with the current CoViD-19 emergency situation in the municipality.

"It is okay to use the school building since classes are still online," the parish priest said.

It is also unfortunate that the isolation facilities that cater to mild and asymptomatic cases now had to treat patients with pneumonia.

Department of Health (DOH) 4-A Isolation Physician, Dr. Lani Patacsil reported, "Ang dami daming cases ng may pneumonia para nang hospital ang setting ngayon, wala na kaming choice. Dyan na nagaganap ang gamutan."

(There are numerous cases with pneumonia that it is like a hospital setting now, we don't have a choice. Treatment is being done there.)

Moreover, hospitals could not immediately accommodate admissions with patients' waiting list reaching up to a hundred because of the rate of infection of the disease.

According to Rural Health Officer Dr. Ruth Punzalan, a sad and unfortunate reality is that patients with moderate, severe or critical symptoms who needed to be admitted in the hospital succumb to the disease at home before they could even be hospitalized.

Punzalan calls on the public to help with the project thru donations of hospital beds, oxygen tanks, wheelchairs, and other useful medical equipment.

The project for the conversion of the school building into isolation facility is a partnership between LGU Tanza, the DOH, and other civic organizations which is targeted to be opened this month of May. (PIA)

*Pagbati Mula kina:*





Mayor Ony Ferrer
*Gen. Trias, Cavite*

Vice Mayor Ony Cantimbuhan
*Imus City, Cavite*



**Mayor Jose Voltaire Ricafrente**
*Rosario, Cavite*

**ROSARIO,**

**BAYANG TAHIMIK, MASAYA AT MAUNLAD**



## LET THERE BE LIGHT!

**By**
**ENG'R. VER CAMPAÑA BAUTISTA**
*F & A.M. Luis Olimpo Ferrer Lodge 366*

**SABUTAN -** Ang Sabutan, Silang ay nayon noon na pinagkukunan ng dahon ng sabutan na ginagamit sa paglala ng banig.

# THREE MODULAR FACILITIES FOR COVID TREATMENT OPENS AT BATANGAS MEDICAL CENTER





***(L-R) DOH-CALABARZON Assistant Regional Director Paula Paz M. Sydiongco, Undersecretary Leopoldo J. Vega, Assistant Secretary Maria Francia M. Laxamana and DPWH 2nd District of Batangas Engineer Sonia D. Paglicauan prepares to cut the ribbon to formally opens the three modular treatment facilities for Covid-19 patients located at the compound of the Batangas Medical Center in Batangas City on April 30, 2021.***

Officials from the Department of Public Works and Highways (DPWH) and the Department of Health (DOH) on Friday formally opened the three modular treatment facilities for the treatment and management of Covid patients at the Batangas Medical Center (BatMC) in Batangas City.

"The Department of Health extends its utmost gratitude for the DPWH's support and assistance in providing facilities to augment our hospital's need for additional rooms for healthcare service for Covid patients for the province of Batangas," DOH Assistant Secretary Maria Francia M. Laxamana stated.

DPWH Batangas 2nd District Engineer Sonia D. Paglicauan said that the agency is currently expanding the capacity of major hospitals through the construction of modular facilities to provide more rooms for treatment and management of people infected with Covid-19.

She added that the off-site modular facilities at the BatMC was made possible through the DPWH Task Force to Facilitate Augmentation of Local/National Health Facilities together with Batangas 2nd District Engineering Office.

"The DPWH has already completed various modular hospitals for Covid-19 treatment in various DOH specialty and retained hospitals including one (1) ICU type with 16-bed capacity at Lung Center of the Philippines; four (4) typical designed and one (1) ICU type modular hospital at Quezon Institute-Philippine Tuberculosis Society Inc (QI-PTSI), Quezon City with a total of 110-bed capacity; one (1) typical designed modular hospital with 22-bed capacity at Dr. Jose N. Rodriguez Memorial Hospital and Sanitarium (DJNRMHS), Caloocan City and one (1) typical designed with 21 beds and a 10 bed capacity one (1) ICU type modular hospital at Batangas Medical Center, Batangas City," Paglicauan disclosed.

DOH - CALABARZON (Cavite, Laguna, Batangas Rizal Quezon) Assistant Secretary Paula Paz M. Sydiongco thanked the DPWH for the completion of the project. "This will greatly benefit the hospital as sit will increase its bed-capacity with an additional 10 rooms for intensive care units and 21 rooms for isolation and monitoring of mild Covid symptoms.

"The facility will be under the supervision and management of BatMC. The DOH central office has already provided the necessary medical equipment for the facility. For the part of the regional office, we will provide augmentation, especially human resource including doctors and nurses and other staff," she emphasized.

Batangas Medical Center Chief Ramoncito C. Magnaye also extended his grateful appreciation to DPWH for increasing the capacity of the hospital by building off-site health care facilities for treating COVID-19 patients.

"The Covid-19 modular facilities at BatMC will help accommodate possible surge of Covid cases in the province including patients from adjacent provinces of Laguna, Cavite and Quezon," he added.

## HUMANITY TRIVIA



ENGR. VIR CAMPAÑA BAUTISTA
(TWIN BROTHER OF VER)

**(IT TELLS THE DATES OF INVENTION, PLACES OF PLANT ORIGIN AND CURES OF DISEASE)**

Carburetor - 1876
Vending machine - 1883
Bamboo - America
Myrrh - Africa
Patatas - arthritis

# DOH: CALABARZON, NCR may pinakamataas na kaso ng 2 Covid-19 variants sa bansa

Metro manila at Calabarzon (Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, and Quezon) ang may pinakamataas na kaso ng B.1.1.7 and B.1.351 variants ng SARS-CoV-2 sa buong bansa, ayon sa Department of Health (DOH) nitong Miyerkules, Mayo 5.

Ayon kay Health Undersecretary Maria Rosario Vergeire, mayroon ang Metro Manila na kabuuang 358 na mga kaso ng B.1.1.7 variant na unang nadetect sa United Kingdom habnag 602 na mga kaso naman ng B.1.351 na unang nadetect sa South Africa, at 39 na mga kaso ng P.3 variant na unang naiulat sa Pilipinas.

Sa Calabarzon, Mayroong kabuuang 145 na kaso ng B.1.1.7 habang may 121 na kaso ng B.1.351, at anim (6) na kaso ng P.3 variant.


"In NCR (National Capital Region) and Region 4A, nandito 'yung bulk of cases for both South African and UK variants," sabi ni Vergeire sa isang online press briefing.

Nitong Mayo 3, nakapagtala na ang bansa ng 948 kaso ng B.1.1.7 variant, 1,075 mga kaso ng B.1.351, 157 mga kaso ng P.3 variant, at dalawang (2) P.1 variant na mula umano sa Brazil.

"We are only doing sampling. Ang sampling natin purposeful 'yan. Ibig sabihin we get samples from areas with clustering of infection, with linkages to specific individuals who turned positive for these variants," sabi ni Vergeire.

"WHO, until now, cannot give that classification yet because they need further studies so that we can be able to determine if there is community transmission already for these variants," dagdag nito.

Samantala, nakapagtala ang bansa ng kabuuang 66,060 na mga aktibong kaso ng COVID-19 ayon sa datos ng DOH nitong Martes.



ONWARD FORWARD GEN. TRIAS CITY

MAYOR ONY FERRER

# Bacoor LGU pushes for herd immunity, opens new vaccination hub

BACOOR CITY, Cavite -- In a bid to inoculate more Bacooreños with the arrival of the next batch of CoViD-19 vaccine supply from the Department of Health (DOH), the city government here recently opened an additional vaccination hub at the Niog Elementary School.

A total of 328 residents under the A2 and A3 priority groups were vaccinated during the said launching activity.

Likewise, simultaneous vaccination activities conducted at the Bacoor Coliseum and at the Alima Elementary School vaccination hubs gave out 350 and 329 vaccine jabs respectively for a total of 1,007 senior citizens and those with comorbidity residents vaccinated on May 1, 2021.

The turnout of residents for the vaccination is due to the intensified information campaign for the CoViD-19 vaccination program by the city government which changed the general perception of the residents particularly the senior citizens in the city from hesitation to trust.

" Nandito kami ngayon para magpabakuna laban sa CoViD-19. Taliwas sa mga unang napapabalita tungkol sa vaccine tungkol sa mga namamatay, mas minabuti nang maging protektado laban sa CoViD-19," a female senior citizen resident proudly said.

(We are here today to get vaccinated against CoViD-19. Contrary to initial reports about the deaths from the vaccine, it is better to be protected against CoViD-19.)

As of May 1, 2021, records show a total of 8,074 Bacooreños inoculated with the 1st dose of the CoViD-19 vaccines. (PIA)

## REGIONAL HIGHWAY PATROL... (from p. 6)

Makabayan, Makatao at Maka-Kalikasan.

Col Samson Belmonte, SAMSON Regional Chief, RHPU4A led his personnel and members of FSRAP in this massive tree-planting program where 200 seedlings of hardwood species were planted in portions of the 1 hectare reservation.

The RHPU4A is committed to see these trees grow under the care of the residents, to become living monuments of the national advocacy for environmental protection. The unit also pledged to work closely with the DENR in addressing the protection of mangroves in the country, the police should serve as instrument of the DENR in pursuit of ecological balance and against natural resource degradation due to "kaingin", illegal mining, illegal logging, illegal fishing, and other violations of environment laws.

## INDIVIDUALS FROM PRIORITY GROUP A4... (from p. 2)

Also included in the Priority Group A4 list are priests, rabbis, imams, and other religious leaders; security guards/ personnel assigned in offices, agencies, and organizations identified in the list of priority industries/sectors; frontline workers in private and government news media; customer-facing personnel of telecoms, cable and internet service providers, electricity distribution and water distribution utilities; frontline personnel in basic education and higher education institutions and agencies; and overseas Filipino workers, including those scheduled for deployment within two months.

Frontline workers in law/justice, security, and social protection sectors; frontline government workers engaged in the operations of government transport system, quarantine inspection; worker safety inspection and other COVID-19 response activities; frontline government workers in charge of tax collection, assessment of businesses for incentives, election, national ID, data collection personnel; diplomatic community and Department of Foreign Affairs (DFA) personnel in consular operations; and the Department of Public Works and Highways personnel in charge of monitoring government infrastructure projects are also part of the Priority Group A4 list.

Sydiongco assured that the sectors included in the A4 lists will be receiving their Covid jabs through the established vaccination centers in their area.

"I encouraged all individuals included in the A4 group to enlist and get vaccinated. It is better to have additional protection against the virus than not at all."

The regional office was joined by officials and staff of the Department of Labor and Employment - Calabarzon, Laguna Provincial Health Office and Calamba City Health Office during the ceremonial vaccination activity.

## EDITORIAL

Ang ating kalupaan ay mga pulo. Pagdating ng ulan, ang yaman ng lupa ay madaling anurin sa ilog patungo sa dagat, kaya ang ating lupa ay madaling mawalan ng pataba. Ito rin ang dahilan kaya ang ating mga dagat ay mayaman sa mga pagkain. Kung ito ay lubos nating mapag-aaralan at malulutas ay malaking bagay na sa pag-unlad at sa pagsisiskap na maiayos lahat ang ating mga problema



## CAVITE HIGHLIGHTS

By:
Yna Palparan Bautista

**Many well-known Caviteños accepted the position of Cavite Governor duringthe American occupation. Education was introduced to Cavite and many children benefitted from it. Roads and drainage were improved to expedite the flow of commerce.**

# Closed Season para sa Tawilis, patuloy pa ring pinapaigting ng DENR CALABARZON

Alinsunod sa PAMB Resolution No. 49, Series of 2018 at PAMB Resolution No. 63, Series of 2019, ang buwan ng Marso at Abril ay naitalang closed season para sa paghuli ng tawilis. Alinsunod sa mga resolusyon na ito ay mahigpit na ipinagbabawal ang panghuhuli, pagbebenta, pagkalakal, pakikipagtransaksyon, pagbibiyahe, at pagdadala ng tawilis habang umiiral ang closed season.



Kasama rin sa mga inisyatibo na ito ay ang regular na pagmomonitor ng Taal Lake, at pakikilahok ng iba't ibang ahensya ng gobyerno, tulad ng DENR, NFDI, Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR), lokal na pamahalaan, at iba't ibang organisasyon para sa mahigpit na implementasyon ng closed season. Hinihikayat din ang iba't ibang akademya para


Ayon sa datos ng Philippine Statistics Authority (PSA), nasa 497 metric tons na lamang ang bolyum ng pagdami ng tawilis para sa taong 2020. Ito ay higit na mababa sa naitalang pinakamataas ng bolyum ng tawilis noong 2017 na 1,342.17 metric ton. Patuloy na ipapatupad ang pagkakaroon ng closed season para sa tawilis hanggang sa mga susunod na taon.

Ang lahat ay hinihikayat DENR CALABARZON para mag report ng mga establisyementong o mga tindahan na nagbebenta ng Tawilis habang closed season. Maaari ring ipagbigay sa DENR ang sinomang ilegal na nanghuhuli ng tawilis.

Ang Sardinella Tawilis, o mas kilala bilang tawilis ay naitala ng International Union for Conservation of Nature (IUCN) bilang endangered species noong 2019.

Para sa may mga sumbong ukol sa ilegal na gawain na may kaugnayan sa kalikasan ay maaaring tumawag o magbigay ng mensahe sa 8888 hotline numero 09561825774/ 09198744369. Ang mga retrato, bidyo, at iba pang impormasyon ay maaari ring ipadala sa opisyal na Facebook page ng DENR CALABARZON: https://www.facebook.com/DENR4AOfficial/. ###

# Cavite-Laguna expressway, nakatakdang ilunsad ngayong taon




Isang panibagong tollway seksiyon ang ipapatayo ng Metro-Pacific Tollways Corp. (MPTC) na tatawagin umanong Cavite Laguna Expressway (CALAX) sa ikatlong quarter ngayong taon.

Tinatawag rin ito na Calax Subsection 5, ang proyekto na 7.2-kilometer na kasalukuyang nasa 93 porsyento na ang progreso at nakatakdang maiugnay ang Sta. Rosa-Tagaytay sa Silang East Interchange.

Tinatayang 5, 000 ng mga sasakyan ang maaaring dumaan sa nasabing expressway kada araw, na makakatulong rin upang maibsan ang bigat ng trapiko sa Governor's Drive, Aguinaldo Highway at Sta. Rosa-Tagaytay Road.

"It is also expected to help accelerate economic progress in Laguna and Cavite as it connects the two provinces," pagbabahagi ni Roberto V. Bontia, President at General of MPTC subsidiary MPCALA Holdings.

Ang CALAX, na inilunsad sa ilalim ng proyekto ng pampubliko at pribadong pakikipag-ugnayan ng nakaraang administrasyon ay sakop ng halos 45 kilometrong sukat at magkakaroon ng 8 interchanges, habang kabilang naman sa mga access points nito ay ang Kawit, Governor's Drive, Open Canal, Silang (Aguinaldo) Highway, Silang East, Santa Rosa-Tagaytay, Laguna Boulevard, at Laguna Technopark.

Kapag natapos na ang proyekto, maaari na itong daanan ng halos 45, 000 na sasakyan, na pinaniniwalaang makakatulong upang mapabilis ang biyahe sa pagitan ng dalawang probinsiya ng Cavite at Laguna na maaaring tumagal lamang ng isang oras mula sa dating dalawang oras.

Ibinahagi rin ng MPTC na ang mga toll structures sa ipinapatayong Silang East interchange ay sinisimulan na habang ang mga konstruksiyon ng drainage systems at pagkakabit ng safety features, tulad ng road lights at guard rails ay nananatili pa rin na isinasaayos.

Samantala, bukod sa ipapatayong expressway na CALAX, ang MPTC rin umano ang may hawak ng mga expressway na tinatawag na Cavitex, C-5 Link Expressway, North Luzon Expressway, NLEX Connector Road, Subic-Clark-Tarlac Expressway, at Cebu-Cordova Link Expressway sa Cebu.

# REGIONAL HIGHWAY PATROL CONDUCTS TREE-PLANTING ACTIVITY




Camp Vicente Lim, Calamba City - The Regional Highway Patrol Unit 4A (RHPU4A) in cooperation with the Department of Environment and Natural Resources, is taking active steps to reforest a portion of Barangay Biloy, Sta Maria. Laurel, Batangas.

According to Lt Dyne Moreno, RHPU4A'S Community Relations Officer, this is part of the police organization's social responsibility to environmental protection.

This initiative is not only socially relevant but is deeply rooted in the PNP core values of Maka-Diyos,

(cont. P.5)

# HOME-WORKS FOR MOM FROM SM



*Clean with style with EufyHomeVac S11 Go, a cordless and lightweight stick-vacuum cleaner that allows you to maneuver into the corners and around furniture.*



*Save time from washing the dishes and keep your dinnerware germ-free with Hanabishi Dishwasher with UV Sterilizer.*

*This Crossett Air Purifier is equipped with HEPA filter that ensures cleaner air for your home.*






*EufyHomeVac H11 is a mini vacuum that offers practical solutions in your home's cleaning needs.*




*Let this EufyRoboVac G10 Hybrid takes charge of mopping and sweeping in half the time as Mom relaxes*



*Sanitize and disinfect your home with this Landlite UV- C Sterilizer Portable Lamp and Pocket Stick.*




*Dust off the mites from your bed with this Dowell UV Mites Cleaner.*



*Kokubo Bottle Sponges for long bottle and glasses.*

SM CITY CALAMBA

With most members of the family spending more time at home, keeping it clean and bright is a challenge for Mom. This Mother's Day, surprise her with exciting innovations from SM Home that will make her home-works a breeze and give her more time for herself.

There are smart cleaners like robotic vacuums that will work on dusty floors, stained fabrics, stinky corners and kitchen clutter in half the time we spent in our usual cleaning routine. Power scrubbers will leave the floor spotless; while UV sterilizers sanitize and disinfect bed linens and dinnerware to protect your family from unwanted viruses.

This May, get discounts and online coupons on select home essential items and furniture from SM Home. Shop for your mom and place your order online through the SM Store's Call to Deliver (#143SM) and ShopSM app. For more info and updates, follow SM Home at the SM Store in Instagram or visit thesmstore.com website.**(KCHT)**

# Health Benefits...

## Kaalaman tungkol sa Bani bilang halamang gamot



*Scientific name: Pongamia pinnata Linn.; Pongamia glabra Linn.; Pongamia mitis Merr.*
*Common name: Bani, Balot-balot; Kadol (Tagalog); Pongam, Pongam oil tree (Ingles)*

Ang bani ay isang mataas na puno, may malalapad at makinis na dahon, at may mababango at kulay lila o puti na bulaklak. Ang mga buto ay nasa loob ng matigas na balat. Karaniwang nakikitang nakatanim malapit sa mga dalampasigan, at sa probinsya ng Laguna na malapit sa lawa.

**Ano ang mga sustansya at kemikal na maaaring makuha sa Bani?**

Ang iba't ibang bahagi ng halamang bani ay maaaring makuhanan ng maraming uri ng kemikal at sustansya na maaaring may benepisyo sa kalusugan:

Ang halaman ng bani ay may taglay na ilang mga kemikal gaya ng emethoxy-kanugin, gamatay, glabrin, glabrosaponin, kaempferol, kanjone, kanugin, karangin, neoglabrin, pinnatin, pongamol, pongapin, quercitin, saponin, b-sitosterol at tannin

Ang buto ay nakukuhanan ng langis na kung tawagin ay pongam oil

Ang langis ng bani ay mayroong myristic, palmitic, stearic, arachidic, lignoceric, dihydroxystearic, linolenic, linolic, at oleic acids

**Anong bahagi ng halaman ang ginagamit bilang gamot, at paano ginagamit ang mga ito?**

Maaaring gamitin bilang gamot ang ilang bahagi ng halaman tulad ng:

**Buto.** Ang buto ng bani na karaniwang kinukuhanan ng langis ay maaaring gamitin sa panggagamot. Ginagamit na pampahid sa balat ang langis na nakukuha dito.

**Ugat.** Ang ugat ay maaring ilaga upang makuhanan ng katas. Ito ay pinapmpapahid sa apektadong bahagi ng katawan. Ito rin ay dinidikdik at pinangtatapal sa ilang karamdaman.

**Balat ng kahoy.** Ang pinaglagaan ng balat ng kahoy ay maaring ipangpahid sa katawan o kaya ay inumin.

**Dahon.** Maaari ding inumin ang pinaglagaan ng dahon para sa ilang karamdaman, o kaya naman ay dikdikin at ipantapal sa katawan.

**Ano ang mga sakit at kondisyon na maaaring matulungan ng Bani?**

**Rayuma.** Ang pinaglagaan ng ugat, dahon at balat ng kahoy ay mabisang lunas sa nananakit na mga kasukasuan. Ito ay maaring inumin. Maaari din namang ipambabad sa bahaging nananakit ang pinaglagaan ng dahon.

**Dyspepsia**. Maaring inumin din ang pinaglagaan ng dahon para malunasan ang pananakit ng tiyan dahil sa dyspepsia.

**Bed sores**. Ang pagsusugat dahil sa patagal na pagkakahiga ay maaring malunasan sa pamamagitan ng paghuhugas gamit pinaglagaan ng ugat ng halaman.

**Almoranas.** Makatutulong ang pagsisiksik sa butas ng puwit ng dinikdik na dahon na nirolyo sa isa pang dahon. Ito'y hahayaan ng isang buong gabi.

**Eczema.** Ginagamit para sa kondisyon ng pamamaga sa balat ang langis ng buto ng bani.

**An-an.** Mabisa din para sa an-an ang pagpapahid ng langis ng bani sa apektadong balat.

**Galis sa balat.** Ginagamit pa rin ang langis ng bani para sa pagkakaroon ng galis sa balat.

**Ubo.** Iniinom naman ang pinaglagaan ng dahon ng bani para malunasan ang pag-uubo.

Main Office: 667 Bayan Luma 5 Imus City, Cavite
Contact Number: 09497849109/09127800960
E-mail Address:
humanitynews@yahoo.com

HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY

Annex Office: 24 Sayas St. Sabutan, Silang, Cavite

VOL.V NO. 23

# RENT-TO-OWN HOUSES, PROYEKTO NG ALFONSO LGU AT SHFC PARA SA MGA MAMAMAYAN NG NATURANG BAYAN



Malugod na ibinahagi ni Mayor Randy Salamat ang proyektong RS Ville, Taywanak Ibaba na nag-aalok ng rent-to-own houses sa mga lehitimong mamamayan ng Alfonso.

Ang naturang proyekto ay nabuo sa pamamagitan ng kasunduan ng Alfonso LGU at pamahalaang nasyonal sa tulong ng Social Housing Finance Corporation (SHFC).

"Alam ko ang pakiramdam ng walang sariling bahay kaya't kasama niyo po ang buong Pamahalaang Bayan ng Alfonso at national government sa tulong ng SHFC na matupad ang inyong pangarap na magkaroon ng sariling bahay," saad ni Mayor Randy Salamat sa kaniyang post sa social media.

Paniniguro niya sa mga nasasakupan, tanging mga lehitimong residente ng Alfonso ang maaaring makakuha ng "slot" sa naturang proyekto at hindi magiging relocation site ang kanilang bayan.

"Ito po ay proyekto ng ating Pamahalaang Bayan ng Alfonso para sa mga Alfonseño. Huwag po kayong mag alala dahil ito po ay sinasalang mabuti. Ang tanging makaka-avail ng pabahay na ito ay ang mga lehitimong taga Alfonso lamang. Hindi po ito magsisilbing relocation site ng mga taga ibang lugar dahil hindi po natin isasantabi ang pagpapanatili ng maayos na peace and order status ng ating bayan," ani Salamat.

"Ito po ay rent to own na babayaran sa National Government at after 25 years ay sa inyo na po ang bahay. Ngunit ito po ay dadaan pa sa isang proseso na titiyakin na kayo ay qualified na beneficiary ng proyektong ito," paliwanag pa niya.

Sa mga interesado o nagnanais na makakuha ng slot sa pabahay, maaari lamang umanong lumapit sa mga barangay hall ng bayan upang makakuha ng forms.




*Binigyan ng Pamahalaang Lungsod ng Dasmariñas ng P100,000 ang isang centenarian ng kanilang komunidad.*

*Personal na iniabot ni Mayor Jenny Barzaga sa anak ng centenarin. Dahil sa community quarantine restrictions ang kaniyang anak na babae ang tumanggap ng cash gift mula sa LGU.*




*Patuloy na ipiniaabot ni Mayor Corie Poblete ang mabilisang bigayan ng ayuda sa ating mga barangay. Ayon sa kanyang facebook post"Kaya naman noong ako ay bumababa sa kanila ay labis po ang aking kasiyahan nang makita ko ang ilan na tumatanggap nang masaya. Masaya po nating napuntahan noong mga nakaraang araw ang mga Barangay ng Carmen, Ipil 1, Anahaw 2, Lucsuhin, Tibig, Malabag, Balubad, Litlit at Pasong Langka. Stay safe and God bless po!*





**TURNOVER OF BJMP PRISONER'S VAN.** Ang Pamahalaang Lungsod ng Trece Martires ay naghandog ng Prisoner's van sa BJMP. Ito ay sa pangunguna ni Mayor Gemma Lubigan, makikita sa larawan na kasama din si Vice Mayor Bobby Montehermoso.Nagmula po ang pondong ito mula sa POPSplan fund (peace & order & public safety) ng taong 2020.

## DO YOU KNOW ?

*The Israelis of today are of mixed races who hold the beliefs of the once homogeneous Israelis of Biblical times.*

**(Shared by Fellowship with Humanity)**

FELLOWSHIP WITH HUMANITY

Province of Cavite

**PRESIDENT: AURELIO PAREDES BAUTISTA**

**Fellowship with Humanity is a Family-Based Masonic Charity Group registered in Cavite to help in a small way alleviate the conditions of the poor. The funds come from the family income of the Bautista Family members.**